

# Mga Permisong ng Seattle

—bahagi ng isang maraming departamentong serye sa mga serbisyo at pagpapahintulot ng Lungsod

## Maiiwasang Alarma sa Sunog o “Mga Maling Alarma”

Hunyo 2022

Ang Kagawaran ng Bumbero ng Seattle (KBS) ay tumutugon sa humigit-kumulang 6,000 “mali” o mapipigilan na mga alarma sa sunog bawat taon. Sa katunayan, humigit-kumulang 1 sa 3 tawag sa sunog na natatanggap ng Kagawaran ng Bumbero sa Seattle bawat taon ay mga maling alarma, marami ang nauugnay sa kakulangan ng wastong pagpapanatili ng sistema. Ang mga maiiwasang alarma ay kumukuha ng mga unang tutugon at mga makina ng bumbero para sa iba pang mga emerhensiya na tawag. Ang malaking bilang ng mga maling alarma ay naglalagay ng mabigat na pasanin sa buong sistema at binabawasan ang ating kakayahang protektahan ang ari-arian at pangalagaan ang mga buhay para sa lahat ng nakatira, bumibisita, at nagtatrabaho sa Seattle.

Para sa kadahilanang ito, ipinakilala ng Seattle ang isang parusa sa pagsipi para sa “mga maling alarma” o mapipigilan na mga alarma sa sunog. Ang layunin ay hikayatin ang pagpapanatili at kinakailangang pagbabago ng mga sistema ng alarma at pigilan ang mga walang ingat na pagkilos na nagreresulta sa pag-activate ng alarma.

Ang Tulong sa Kliyente na Memorandum na ito ay nagbibigay ng higit pang impormasyon sa mga sanhi ng mapipigilan na mga alarma pati na rin ang mga diskarte na magagamit ng mga may-ari ng gusali upang mabawasan ang maiiwasang mga alarma. Ang huling pahina ng dokumentong ito ay nagbibigay ng impormasyon tungkol sa mga obligasyon ng responsableng partido at ang mga aksyon na dapat gawin kung makatanggap ka ng isang pagsipi.

### Ano ang Maiiwasang Alarm ng Sunog?

Tinutukoy ng Kodigo ng Sunog ng Seattle ang mga maiiwasang alarma bilang mga sumusunod:

- Anumang pag-activate ng isang fire alarm system na nagreresulta sa abiso sa KBS ng isang kaganapan ng sunog na humahantong sa pagtugon ng KBS kahit walang ganoong panganib.

- Ang lahat ng mga pag-activate kapag walang sunog, kapag ang mga naturang pag-activate ay sanhi ng mekanikal na pagkabigo o hindi paggana ng tama dahil sa hindi sapat o hindi tamang pagsubok at pagpapanatili, hindi sinasadyang pag-activate, malisyosong pag-activate, o maling paggamit, ng sinumang tao, kabilang ang mga taong nagbebenta, nag-i-install, nagpapanatili, sumusubok, o sumusubaybay sa mga sistema ng alarma sa sunog.
- Hindi kasama ang mga pag-activate na dulot ng mga kondisyon ng panahon, problema sa linya ng telepono, pagtaas ng tubig, water hammer, o natural na sakuna.

### Mga Diskarte para sa Mga May-ari ng Gusali para Mabawasan ang Mga Maiiwasang Alarma

Ang mga may-ari at tagapamahala ng gusali ay maaaring gumanap ng aktibong papel sa pagbabawas ng “mali” o mapipigilan na mga alarma sa kanilang gusali. Narito ang mga pangunahing estratehiya:

#### *Umalinsabay sa Kinakailangang Inspeksiyon, Pagsusuri at Pagpapanatili*

Ipasuri ang iyong sistema ng alarma sa sunog ayon sa hinihingi ng kodigo ng sunog bawat taon sa pamamagitan ng isang sertipikadong kompanya ng pagsusuri. Ang isang listahan ng mga kompanyang gumagamit ng mga teknisyang na sertipikadong magtatrabaho sa mga alarma sa sunog sa Seattle ay matatagpuan dito: <http://www.seattle.gov/fire/business-services/systems-testing>

Kapag ang mga problema o “kakulangan” sa sistema ng alarma sa sunog ay natagpuan sa panahon ng inspeksiyon, ayon sa batas, responsibilidad ng may-ari ng gusali na agad na ayusin ang mga kakulangan.

#### *Iwasan ang Mga Karaniwang Dahilan ng Mga Maiiwasang Alarma*

Ang sumusunod ay isang listahan ng mga pinakakaraniwang sanhi ng maiiwasang mga alarma, at mga hakbang na maaaring gawin ng mga may-ari ng gusali upang mabawasan ang mga ito. Ang mga

diskarteng ito at iba pa ay makikita sa Pambansang Asosasyon para sa Proteksiyon sa Sunog (PAPS) *Gabay sa Serbisyo ng Sunog sa Pagbawas ng Mga Hindi Gustong Mga Alarma sa Sunog*, available para sa libreng pag-download mula sa [www.nfpa.org/redgd](http://www.nfpa.org/redgd).

**Ang pagluluto** ay isa sa mga pangunahing sanhi ng mga hindi gustong alarma sa sunog.

- Tiyakin na ang mga pantulong na kagamitan sa pagluluto ay matatagpuan sa mga tamang lugar. Halimbawa: ang mga lugar ng opisina ay hindi tamang lokasyon para sa mga kapetera ng kape at mga microwave.
- Tiyaking gumagana ang mga bentilasyon ng hood habang ginagamit pagluluto.
- Ilipat ang mga detektor ng usok, kung saan pinahihintulutan, sa isang detektor ng init—makipag-usap sa iyong kompanya ng alarma sa sunog para sa mga opsyon.

**Ang paninigarilyo** ay isa pang karaniwang dahilan ng mga maiiwasang alarma.

- Huwag pahintulutan ang mga itinalagang lugar ng paninigarilyo na lumapit sa mga detector ng usok, at magbigay ng tamang bentilasyon sa mga itinalagang lugar para sa paninigarilyo.
- Makipag-usap sa iyong kompanya ng alarma sa sunog tungkol sa pagpapalit ng mga detektor ng usok papunta sa mga detektor ng init sa mga lugar para sa paninigarilyo kung saan pinapayagan.

**Ang singaw** mula sa mga shower at mga kasangkapan ay nagti-trigger din ng mga hindi gustong alarma.

- Pag-isipang ilipat ang mga aparato sa pagtukoy ng usok gaya ng pinahihintulutan sa kodigo ng sunog o palitan ang mga mas lumang aparato ng mas makabagong teknolohiya na nakakakita ng maraming indikasyon ng sunog at binabawasan ang mga maiiwasang alarma.

**Mga Kahoy na Kalan at Tsiminea** ay maaaring magdulot ng alarma sa mga aparato para sa pagtuklas.

- Ang iyong sistema ay dapat na dinisenyo upang ang mga detektor ng init at detektor ng usok ay matatagpuan sa naaangkop na mga distansya mula sa mga kahoy na kalan at tsiminea. Kung nakakaranas ka ng madalas na maiiwasang mga alarma dahil sa mga kagamitang ito, kumunsulta sa iyong kompanya ng alarma sa sunog patungkol sa naaangkop na paglalagay ng mga aparato ng pagtuklas.

**Konstruksiyon** ang mga proyekto ay maaari ding pagmulan ng mga maiiwasang alarma.

- Ang mga alikabok sa konstruksiyon at "gumagamit ng init o apoy na trabaho" tulad ng welding ay mga pangunahing sanhi ng maiiwasang mga alarma. Para sa kaligtasan, dapat mong sundin ang kodigo ng sunog na maaaring kasama ang pagkonsulta sa Opisina ng Marshal ng Sunog bago kunin ang anumang mga detektor o alisin ang mga sistema sa serbisyo. Kapag pinapayagan, maaari kang makatulong na mabawasan ang mga mapipigilan na alarma sa pamamagitan ng pagtakip sa mga detektor sa araw habang aktibong nagaganap ang gawaing konstruksiyon—alisan ng takip ang mga ito sa panahong hindi nagaganap ang gawaing konstruksiyon. Palaging linisin ang mga detektor ng iyong gusali at suriin ang pagiging sensitibo nito pagkatapos makumpleto ang konstruksiyon.

**Ang maling programming ng sistema ng alarma sa sunog** ay maaari ding magdulot ng mga maiiwasang alarma.

- Ang mga sistema ng alarma sa sunog ay may tatlong uri ng mga senyales — “alarma sa sunog”, “pangangasiwa”, at “gulo”. Ang sistema ay dapat na maayos na nakaprograma upang uriin ang impormasyon mula sa mga aparato ng pagtuklas bilang "gulo", "pangangasiwa" o "alarma sa sunog". Minsan dahil sa isang pagkakamali sa programming, masyadong maraming kondisyon ang naglalagay sa gusali sa alarma at ipinapadala sa sumusubaybay na kompanya/KBS bilang isang “alarma sa sunog”. Maaaring tiyakin ng iyong kompanya ng alarma sa sunog na ang mga aparato sa pagtuklas at mga sinusubaybayang kondisyon ay maayos na naaayon sa alarma sa sunog, mga senyales ng pangangasiwa at problema.

**Ang mga manu-manong paghila** ay maaaring pagmulan ng mga maiiwasang alarma kung hinihila ito ng mga tao kapag walang emerhensiya sa sunog.

- Mag-install ng mga aprubadong proteksiyon na takip sa mga manu-manong istasyon ng paghila upang maiwasan ang mga malisyoso o hindi sinasadyang pag-activate.

*Pag-isipang I-update ang Iyong Sistema ng Alarma para Maiwasan ang Mga Maiiwasang Alarma*

Depende sa kalikasan ng mga maiiwasang alarma na iyong nararanasan, maaari mong hilingin na talakayin ang sitwasyon sa iyong teknisyang ng alarma sa sunog. Maaaring may mga opsyon tulad ng pagpapalit sa mga

mas lumang detektor ng usok at iba pang mga aparato ng pagtuklas ng mas bagong aparato na tumutugon sa maraming mga kondisyon ng sunog, at bawasan ang hindi totoo na mga alarma.

### *Magbigay ng Edukasyon sa Nangungupahan*

Kung ang iyong gusali ay nakakaranas ng paulit-ulit na mga alarma na dulot ng iyong mga nangungupahan:

- Magbigay ng edukasyon sa mga nangungupahan at mga empleyado ng gusali. Ang KBS ay may ilang mga materyal na pang-edukasyon na magagamit mo sa iyong mga nangungupahan at empleyado. Pakitingnan dito ang handbook para sa maraming pamilyang tirahan: <http://www.seattle.gov/Documents/Departments/Fire/Safety/MultiResidentialHandbook.pdf>

### **Karagdagang Tulong mula sa Kagawaran ng Bumbero ng Seattle**

Kung nakakaranas ka ng madalas na maiiwasang mga alarma, mangyaring makipag-ugnayan sa KBS. Bibigyan ka namin ng makasaysayang datos sa iyong partikular na gusali para masuri mo ang uri ng "mali" o mapipigilan na mga alarma na naganap. Ang datos na ito ay maaaring makatulong sa iyo na matukoy ang uri ng mga problema na iyong kinakaharap, upang matulungan kang makipagtulungan sa iyong kompanya ng alarma sa sunog upang magplano ng solusyon. Ipadala ang iyong mga kahilingan ng datos sa:  
SFD\_FMO\_SystemsTesting@seattle.gov.

Sa kaso ng kumplikado o paulit-ulit, mahirap bawasan na maiiwasang aktibidad ng alarma, ang Dibisyon ng Pag-iwas sa Sunog ay maaaring makapagbigay ng on-site na appointment upang talakayin ang mga pang-inhinyerong solusyon. May limitadong availability para sa mga appointment na ito, at inuuna ang mga ito batay sa kalubhaan ng maiiwasang sitwasyon ng alarma.

### **Ano ang Pagsipi at Ano ang Mangyayari Kung Makatanggap Ako ng Isang?**

Ang pagsipi ay isang di-kriminal na abiso ng paglabag na may kasamang multa na pera.

Walang bayad para sa unang mapipigilan na alarma sa panahon ng sangkapat ng taon, para sa kabuuang hanggang apat na iniurong na mga parusa dahil sa alarma bawat taon para sa bawat gusali. Pagkatapos nito, maaaring singilin ang sumusunod na multa: isang multa na \$373 para sa dalawa hanggang limang paglabag sa loob ng parehong sangkapat ng isang taon, o isang parusa na \$746 para sa anim hanggang walong paglabag sa loob ng

parehong sangkapat ng isang taon, o isang multa ng \$900 para sa 9 o higit pang mga paglabag sa loob ng parehong sangkapat ng isang taon. Isusulat ang mga pagsipi sa may-ari ng gusali.

Ang mga pagsipi ay ipapadala sa iyo o ihahatid nang personal. Kapag natanggap mo ang pagsipi, dapat kang tumugon sa loob ng 15 araw sa kalendaryo sa isa sa tatlong paraan:

1. Bayaran ang pagsipi.
2. Humiling ng pagdinig para sa pagpapagaan para ipaliwanag ang mga pangyayari. Sa ilang mga kaso, ang pagpapagaan ay maaaring magresulta sa mas mababang parusa. Ang pagdinig para sa pagpapagaan ay dapat na hiniling sa pamamagitan ng pagsulat gamit ang form ng pagsipi na ipinadala/inihatid sa iyo.
3. Hilingin na salungatin ang pagsipi, kung naniniwala ka na hindi nangyari ang nabanggit na paglabag o ang taong binanggit ay hindi mananagot sa paglabag. Ang pagdinig sa pagsalungat sa pagsipi ay dapat na hilingin sa pamamagitan ng pagsulat gamit ang form ng pagsipi na ipinadala/inihatid sa iyo.

Pakitingnan din ang impormasyon mula sa Tagasuri ng Pagdinig ng Lungsod ng Seattle: <https://www.seattle.gov/hearing-examiner/citations>

### **Opsyon na Mamuhunan sa Pag-upgrade ng Sistema ng Alarma sa Sunog bilang Kapital ng Pagbabayad ng Parusa dahil sa Sipi**

Ang misyon ng KBS ay pangalagaan ang mga buhay at protektahan ang ari-arian. Ang aming misyon ay nagagawa kapag pinabuti ng mga may-ari ng ari-arian ang kanilang mga sistema ng alarma sa sunog upang makatulong na mabawasan ang mga mapipigilan na alarma sa hinaharap. Kung nais mong mamuhunan sa pagpapabuti ng sistema alarma sa sunog ng iyong gusali bilang kapital ng pagbabayad ng parusa sa pagsipi, maaari mong hilingin na i-kredito ng Lungsod ang iyong mga gastos sa sistema ng alarma sa sunog upang mabawi ang multa sa pagsipi, dolyar para sa dolyar, hanggang sa kabuuang halaga ng multa. Makipag-ugnayan sa KBS Tagapamahala ng Pag-iwas sa Sunog sa [SFD\\_FMO\\_Data@seattle.gov](mailto:SFD_FMO_Data@seattle.gov) sa loob ng dalawang linggo ng petsa ng pagsipi kung gusto mo ng pag-apruba para sa kurso ng pagkilos na ito.